



**Antelope Valley Special Education Local Plan Area (SELPA)
Abiso sa Magulang/Tagapag-alaga/Kahalili ng Pangangalaga Hinggil sa
Pamamaraan**

**Mga Karapatan ng Special Education ng Mga Magulang at Bata
Sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA), Part B**

Minamahal na (mga) Magulang/Tagapag-alaga/Mag-aaral:

Ibinibigay sa iyo ang abisong ito dahil ang iyong anak ay isinasaalang-alang para sa posibleng pagpapalagay o kasalukuyang nakatala sa isang espesyal na programang pang-edukasyon. Ibinibigay rin ang abisong ito para sa mga bata na karapat-dapat sa mga karapatang ito sa edad 18. Kung isinasangguni ang iyong anak para sa special education at isinasaalang-alang ang lahat ng opsyon ng pangkalahatang programang pang-edukasyon, at kung saan ay angkop na ginagamit, para sa iyong anak, may karapatan kang magpasimula ng pangsangguni para sa special education.

Sa California, ibinibigay ang special education sa mga batang may mga kapansanan sa pagitan ng kapanganakan at ng (ika-22) kaarawan ng estudyante. Pinoprotektahan ka at ang iyong anak ng mga batas ng pederal at estado sa buong mga pamamaraan para sa pagsusuri at pagkilala sa pagkilala sa pagpapalagay special education at mga serbisyo. May karapatan ang mga magulang ng mga batang may mga kapansanan na lumahok sa proseso ng individual education program, (IEP), kabilang ang paglilinang ng IEP, at mapaalamanan ng availability ng isang libreng naaangkop na pampublikong edukasyon at lahat ng available na alternatibong programa, kabilang ang mga programang pampubliko at hindi pampubliko.

Maibibigay sa iyo nang minsang lang sa isang taon ng iskuweala ang kopya ng Abiso na ito; maliban lang kung ang kopya na iyon ay dapat maibigay din sa iyo (1,) sa inisyal na pangsangguni ng iyong kahilingan para sa pagsusuri; (2,) sa muling pagsusuri ng iyong anak, (3,) sa pagkatanggap ng unang paghahain ng isang reklamo sa estado o reklamo sa due process; (4,) kapag nagawa ang desisyon para gumawa ng pangdisiplinang pagbabago ng pagpapalagay; o (5,) sa oras ng kahilingan. May karapatan kang matanggap ang abisong ito sa iyong pangunahin/sariling wika o iba pang paraan ng komunikasyon, maliban lang kung hindi posibleng magawa. Maaari ring maisaling-wika ang Abisong ito nang pasalita sa iyo kung ang iyong pangunahin/sariling wika o iba pang paraan ng komunikasyon ay hindi isang nakasulat na wika.

Matutulungan kang maunawaan ng mga kahulugan sa ibaba sa pahayag ng mga karapatan. Kung kakailanganin mo ang ibayong impormasyon hinggil sa mga nilalaman o paggamit ng gabay na ito, maaari mong kontakin ang Special Education Director ng distrito ng paaralan ng tinitirhan, na ang numero ng telepono ay nasa huling pahina ng dokumento na ito.



Mga kahulugan

Special Education nangangahulugan na espesyal na idinisenyog pagtuturo nang walang gastos sa magulang, para matugunan ang naiibang mga pangangailangan ng batang may kapansanan, kabilang ang pagtuturong isinasagawa sa silid-aralan, sa bahay, sa mga ospital at institusyon, at sa iba pang kaligiran, pagtuturo sa pisikal na edukasyon.

Kaugnay na mga Serbisyo nangangahulugan na mga serbisyo ng transportasyon at naturang hinggil sa paglilinang, pangwasto at mapangsuporta na maaaring kailanganin para matulungan ang batang may kapansanan para mabenepisyuhan sa special education, kabilang ang maagang pagkilala at pagtatasa ng mga kundisyong nakawawala ng kakayahan. Maaaring kasama rin sa kaugnay na mga serbisyo ang:

1. Speech-Language pathology at mga serbisyo ng audiology.
2. Mga serbisyo ng interpreter.
3. Mga Serbisyonang Sikolohikal.
4. Physical at Occupational Therapy.
5. Libangan, kabilang ang therapeutic na libangan.
6. Mga serbisyo ng pagpapayo, kabilang ang pagpapayo sa rehabilitasyon.
7. Mga serbisyo ng oryentasyon at pagkilos.
8. Mga serbisyo ng kalusugan sa paaralan at mga serbisyo ng nurse sa paaralan.
9. Mga serbisyonang medikal para sa mga layunin ng diyagnostiko o pagsusuri lamang.
10. Mga serbisyo ng social work:
11. Pagpapayo sa magulang at pagsasanay.

Mga Batang May mga Kapansanan: Pinapakahulugan ng Individuals with Disabilities Education Act ("IDEA") ang "mga batang may mga kapansanan" bilang kasama ang mga batang may mga kapansanan hinggil sa pag-iisip, mga kahinaan sa pandinig kabilang ang kabingihan, kahinaan sa pananalita o wika, mga kahinaan sa paningin kabilang ang kabulagan, emosyonal na kaguluhan, mga kahinaan sa ortopediko, autismo, traumatikong pinsala sa utak, iba pang kahinaan sa kalusugan o partikular sa mga kapansanan sa pag-aaral, at kung sino, sa kadahilanang iyon, ay kailangan ng special education at kaugnay na mga serbisyo.

Pagsusuri: Ang pagtatasa ng iyong anak gamit ang sari-saring pagsusulit at hakbang ay isasagawa ayon sa Education Code ng mga seksyong 56320-56339 at 20 U.S.C. seksyon 1414(a), (b) at (c) upang pagpasyahan kung may kapansanan man ang iyong anak at ang uri at hangganan ng espesyal at kaugnay na mga serbisyonang kinakailangan para sa kanyang benepisyong pang-edukasyon. Ang mga kasangkapan sa pagtatasa ay indibidwal na pinili para sa iyong anak at pinapangasiwaan ng may kakayahang mga propesyonal na inupahan ng lokal na ahensyang pang-edukasyon. Ang pagsusulit at mga materyales sa pagsusuri at pamamaraan ay pipiliin at pangangasiwaan upang hindi maging nakapagdidiskrimina hinggil sa lahi, kulutura, o seksuwal. Ang mga



materyales at pamamaraan ay ibibigay at pangangasiwaan sa wika ng iyong anak o paraan ng komunikasyon, maliban lang ito ay hindi maaaring magawa.

Free Appropriate Public Education ("FAPE"): Isang edukasyon na: (1) ibinbigay sa gastos ng publiko, sa ilalim ng pampublikong superbisyon at pagtuturo, at nang walang bayad sa iyo; (2) natutugunan ang mga pamantayan ng California Department of Education; at (3) ibinibigay sa pagtalima sa isang nakasulat na isinaindibidwal na programa ng edukasyon na binuo para sa iyong anak para igawad ang benepisyong pang-edukasyon at ipatutupad sa isang preschool, elementarya o sekondaryang programa ng paaralan.

Individual Education Program ("IEP"): Nakasulat na dokumentong binuo ng koponan ng IEP ng iyong anak na kasama ang kahit ang lahat ng sumusunod: (1) kasalukuyang mga antas ng napagtagumpayang akademiko at gumaganang pagganap; (2) nasusukat na taunang mga layunin; (3) pahayag ng special education at kaugnay na mga serbisyo at supplementaryong mga tulong at serbisyo, batay sa pagsusuring peer-reviewed hanggang sa hanggananang maisasagawa, na ibibigay sa bata; (4) paliwanag ng hangganan kung ang bata ay hindi makikilahok kasama ng mga batang walang kapansanan sa pangkalahatang mga programa ng edukasyon; (5) ang inaasahang petsa para sa pagsisimula at ang inaasahang itatagal, kadalasan at lokasyon ng mga programa at serbisyong kasama sa IEP; at (6) naaangkop na pamantayan ng layunin, pagsusuri at mga pamamaraan, at mga iskedyul sa pagpapasya, sa kahit na taunang batayan, kung natutugunan man ng bata ang kanyang mga layunin o hindi.

Least Restrictive Environment ("LRE"): Hanggang sa sukdulang naaangkop, ang mga batang may kapansanan ay tuturuan kasama ng mga batang walang kapansanan, at espesyal na mga klase, magkahiwalay na pagtuturo, o iba pang pag-aalis ng mga batang may mga kapansanan mula sa pangkalahatang programa ng edukasyon ay magaganap lamang kapag ang uri ng kalalaan ng kapansanan ay kapag ang naturang edukasyon sa regular na mga klase gamit ang supplementaryong mga pantulong at serbisyo ay hindi kasiyasyang matatamo.

Local Educational Agency ("LEA"): Kasama sa katawagang ito ang distrito ng paaralan, County Office of Education ("COE"), ang Special Education Local Plan Area ("SELPA"), o isang charter na paaralan na lumalahok bilang isang miyembro ng isang SELPA.

Abiso ng mga Karapatan ng Karamihan: May karapatan ang iyong anak na matanggap ang lahat ng impormasyon tungkol sa kanyang programang pang-edukasyon at gumawa ng lahat ng desisyon kapag umabot siya sa edad na labing walo maliban lang kung mapagpasiyahang walang kakayahan ng batas ng estado at mga pamamaraan. Ang mga hindi inaalagaang may sapat na gulang ay ipinapalagay sa ilalim ng batas ng Estado ng California na may kakayahan.



Magulang: Kasama sa kahulugan ng magulang ang: (1) taong may ligal na kustodiya ng isang bata; (2) may sapat na gulang na estudyante kung saan walang tagapag-alaga wala pang itinalagang tagapag-ingat; (3) isang taong tumatayo na isang likas na umaampong magulang, kabilang ang lolo/lola, stepparent, o ibang kamag-anak kung saan naninirahan ang bata; (4) kahaliling magulang; at (5) umampong magulang, kung partikular na nilimitahan ng utos ng korte ang kapangyarihan ng isang likas na magulang na gumawa ng mga desisyon sa kalusugan sa ngalan ng bata.

Kailan ko maaaring i-access ang mga Rekord na Pang-edukasyon, at kung paano ko gagawin?

Ang lahat ng magulang o tagapag-alaga ng mga batang nakatala sa mga pampublikong paaralan ng California ay may karapatang inspeksyunin ang mga rekord sa ilalim ng Family Educational Rights and Privacy Act ("FERPA") at ng California Education Code.

Ang mga rekord na pang-edukasyon ay iyong mga rekord na direktang nauugnay sa iyong anak at pinapanatili ng isang distrito ng paaralan, ahensya, o institusyon na kumokolekta, nagpapanatili, o gumagamit ng personal na nakapagpapakilalang impormasyon, o mula kung saan nakukuha ang impormasyon. Ibayong pinapakahulugan ng parehong mga batas ng pederal at estado ang mga rekord na pang-edukasyon bilang anumang bagay ng impormasyong direktang nauuganay sa nakikilalang mag-aaral, bukod sa direktoryong impormasyon, na pinapanatili ng isang paaralan ng LEA, o kinakailangang mapanatili ng isang empleyado sa pagganap ng kanyang mga tungkulin kung itinatala man sa pamamagitan ng pagsusulat, print, tapes, film, microfilm, computer o ng ibang pamamaraan. Hindi kasama sa mga rekord na pang-edukasyon ang hindi pormal na personal na mga sulat na hinanda at itinago ng isang empleyado ng paaralan para sa sarili niyang gamit o paggamit ng isang kahalili. Kung naglalaman ang mga rekord ng impormasyon tungkol sa higit sa isang bata, mayroon ka lamang access sa bahaging iyon ng rekord hinggil sa iyong anak.

Maaaring kasama sa personal na nakapagpapakilalang impormasyon ang: (1) ang panglan ng bata, ang magulang o ibang miyembro ng pamilya ng bata; (2) ang address ng bata; (3) personal na nakapagpapakilala tulad ng social security number ng bata, student number, o numero ng file ng korte; (4) listahan ng personal na mga katangian o ibang impormasyon na maaaring gawin nitong posibleng makilala ang bata na may makatwirang katiyakan.

Bilang karagdagan, ang mga magulang ng batang may mga kapansanan ay may karapatan na: (1) inspeksyunin at repasuhin ang lahat ng rekord na pang-edukasyon hinggil sa pagkakakilanlanlan, pagsusuri, at pagpapalagay na pang-edukasyon ng bata at ang probisyon ng isang FAPE sa bata; at (2) makatanggap ng tugon mula sa LEA sa makatwirang mga kahilingan para sa mga paliwanag at interpretasyon ng mga rekord. May karapatan din ang magulang na inspeksyunin at repasuhin ng kanyang kinatawan ang mga rekord ng bata, sasailalim sa mga kinakailangan ng FERPA. Maaaring ipalagay ng LEA na may karapatan ang magulang na inspeksyunin at repasuhin ang mga rekord na nauugnay sa kanyang anak maliban lang kung naabisuhan ang LEA na



walang kapangyarihan ang magulang na gawin sa ilalim ng batas ng estado na namamahala sa naturang mga bagay bilang pag-iingat, paghihiwalay, at diborsyo. Naililipat ang mga karapatang ito sa isang hindi inaalagaang mag-aaral na labing walong taon o pumapasok sa institusyon ng pagkatapos ng edukasyong sekundarya.

Ang tagapag-ingat ng mga rekord sa bawat lugar ng paaralan ay ang punong-guro ng paaralan. Ang tagapag-ingat ng mga rekord ng distrito ng paaralan ay nakalista sa huling pahina nd dokumentong ito. Maaaring itago ang mga rekord na pang-edukasyon sa lugar ng paaralan o tanggapan ng distrito, ngunit ang nakasulat na kahilingan para sa mga rekord sa alinman sa lugar ay tatrathin bilang isang kahilingan para sa mga rekord sa lahat ng lugar. Magbibigay ang tagapag-ingat ng mga rekord ng listahan ng mga uri at lokasyon ng mga rekord ng mag-aaral (kung hihilingin). Tatlong taon pagkatapos lumabas sa programa ang estudyante, sisirain ang mga rekord ng special education.

Dapat protektahan ng bawat LEA ang pagkakumpidensyal ng personal na nakapagpapakilalang impormasyon sa pagkolekta, pag-iimbak, pagbubunyag at mga yugto ng pagsira. Dapat ipagpalagay ng isang opisyal ng bawat LEA ang responsibilidad sa pagtitiyak sa pagkakumpidensyal ng anumang personal na nakapagpapakilalang impormasyon. Ang lahat ng taong nangongolekta o gumagamit ng personal na nakapagpapakilalang impormasyon ay dapat makatanggap ng pagsasanay o pagtuturo hinggil sa mga patakaran at pamamaraan ng estado sa ilalim ng IDEA at FERPA. Dapat panatilihin ang bawat LEA, para sa pampublikong pag-iinspeksyon, ang kasalukuyang listahan ng mga pangalan at posisyon ng mga empleyado na may access sa personal na nakapagpapakilalang impormasyon.

Lilimitahan ng tagapag-ingat ng mga rekord ang access sa mga rekord na pang-edukasyon ng iyong anak sa mga taong may kapangyarihang repasuhin ang rekord na pang-edukasyon, kabilang ka, ang iyong anak na kahit labing anim na taon na nakumpleto ang ika-10 grado, mga indibidwal na naawtorisahan mo para inspeksyunin ang mga rekord, mga empleyado ng paaralan na mayroong lehitimong mga interes na pang-edukasyon sa mga rekord, mga institusyong pagkatapos ng sekundarya na itinalaga ng iyong anak, at mga empleyado ng pederal, estado, at lokal na mga ahensya ng edukasyon. Sa lahat ng ibang pagkakataon, tatanggihan ang access maliban lang kung nakapagbigay ka ng nakasulat na pahintulot para ilabas ang mga rekord o inilalabas ang mga rekord alinsunod sa utos ng korte o ibang naangkop na batas. Dapat magtabi ng log ang LEA na ipinapahiwatig ang oras, pangalan at layunin para sa pag-access ng mga indibidwal bukod sa mga empleyado ng paaralan at magulang.

Hindi kailangan ang pahintulot ng magulang bago ilabas ang personal na nakapagpapakilalang impormasyon sa mga opisyal ng mga kalahok ng ahensya para sa mga layunin ng pagpupulong ng kinakailangan ng IDEA, maliban lang sa ilalim ng mga sumusunod na kalagayan: (1) bago ilabas ang nakapagpapakilalang impormasyon sa mga opisyal ng kalahok na mga opisyal ng kalahok na mga ahensyang nagbibigay o nagbabayad para sa mga serbisyo ng pagbabago; at (2) kung nakapasok ang bata, o pupunta sa, isang pribadong paaralan na hindi matatagpuan sa parehong distrito ng



paaralan kung saan naninirahan ang mga magulang, dapat makuha ang pahintulot ng magulang bago mailabas ang anumang personal na nakapagpapakilalang impormasyon tungkol sa bata sa pagitan ng mga opisyal na nasa distrito ng paaralan kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan at mga opisyal na nasa distrito ng paaralan kung saan naninirahan ang mga magulang.

Ang repaso at/o mga kopya ng mga rekord na pang-edukasyon ay ibibigay sa (5) araw na may pasok pagkatapos gawin ang kahilingan. Ang bayad pra sa mga kopya, ngunit ang hindi gastos sa paghahanap at pagkuha, ay pagpapasyahan ng patakaran ng LEA at sisingilin, maliban lang kung ang bayad ay epektibong matatanggihan ang iyong access sa mga rekord na pang-edukasyon ng iyong anak. Sa sandaling maibigay ang kumpletong kopya ng mga rekord, sisingilin ang bayad para sa karagdagang mga kopya ng parehong mga rekord.

Kung naniniwala kang hindi tumpak, nakapagliligaw o nilalabag ang pagkapribado o ibang karapatan ng bata ang impormasyon na nasa mga rekord ng edukasyon na nakolekta, pinanatili o ginamit ng LEA, maaari kang humiling nang nakasulat na baguhin ng LEA ang impormasyon. Kung sasang-ayon sa iyo ang LEA sa iyong kahilingan, babaguhin ang rekord ay papaalaman ka sa loob nang makatwirang panahon pagkatapos matanggap ang kahilingan.

Kung tatanggihan ng LEA na gawin ang hiniling na pagbabago sa loob nang 30 araw, aabisuha ka ng LEA ng karapatan sa isang pagdinig para pagpasyahan kung ang tinututulang impormasyon ay hindi tumpak, nakapagpapaligaw, o kung hindi ay nasa paglabag sa pagkapribado o iba pang karapatan ng iyong anak. Kung hihiling ka ng pagdinig, magbibigay ang LEA ng pagdinig, sa loob nang makatwirang panahon, kung saan ay dapat maisagawa alinsunod sa mga pamamaraan para sa naturang mga pagdinig sa ilalim ng FERPA.

Kung mapagpapasyahan ng lupon na namamahala pagkatapos ng pagdinig na hindi babaguhin ang rekord, may karapatan kang ibagay sa pinaniniwalaan mong nakasulat na pahayag na pagtatama, kung saan ay permanenteng maikakabit sa rekord na tinututulan. Ikakabit ang pahayag na ito kung ibubunyag ang tinututulang rekord sa sinumang partido.

Maaari ko bang irekord ang audio ng Pulong ng IEP?

May karapatan ang mga magulang, tagapag-alaga na irekord ang audio ng mga paglilitis ng mga pulong ng koponan ng IEP. Dapat maabisuhan ang koponan ng IEP ng nais na pagrekord sa IEP nang hindi bababa sa 24 na oras bago sa pulong. Kung ang balak na pagrekord ng audio ay pinasimulan ng LEA at tututol ang magulang o tatangging hindi dadalo sa pulong ng IEP dahil sa pagrekord ng audio, hindi irekord and audio. May karapatan ang mga magulang na inspeksyunin, repasuhin at, at paminsan-minsan, baguhin ang mga rekording ng audio .



Ano, at paano akong maaaring makakuha ng Independent Educational Evaluation?

Ang independent educational evaluation (“IEE”) ay isang pagtatasang isinasagawa ng isang kuwalipikadong tagasuri na hindi inuupahan ng LEA na nagbibigay ng edukasyon sa iyong anak, ngunit nasisiyahan ang parehong mga pangangailangan ng California Department of Education (“CDE”) at ng LEA. Kung hindi ka sasang-ayon sa mga resulta ng isang kasalukuyang pagtatasang isinasagawa ng LEA, at ipaalaman ang hindi pagkakasundo na iyon sa LEA, may karapatan kang humiling at posibleng makakuha ng IEE para sa iyong anak sa pampublikong gastos mula sa isang kuwalipikadong tao.

Kung hihiling ka ng IEE sa pampublikong gastos, dapat alin man ang LEA ay: (1) maghain ng reklamo para sa due process laban sa iyo para patunayan na naaangkop ang pagtatasa nito; o (2) tiyakin na ang IEE ay ibinibigay sa iyo sa pampublikong gastos, maliban lang kung magpapamalas ang LEA sa isang pagdinig ng due process na ang nakuha mong IEE ay hindi tumutugon sa pamantayan ng LEA. Kung mapapatunayan ng LEA sa pagdinig ng due process na naaangkop ang pagtatasa nito, may karapatan ka pa rin sa isang IEE na hindi sa pampublikong gastos.

Nangangahulugan ang pampublikong gastos na ang pampublikong ahensya ay alinma’y magbabayad para sa buong gastos ng pagsusuri o titiyakin na ang pagsusuri ay sa ibang pagkakataon ay walang gastos sa iyo. Mayroong available na impormasyon ang LEA para sa iyo tungkol sa kung saan ang naturang IEE ay maaaring makuha at maibigay ang mga pamantayan ng LEA para sa mga IEE, kung saan ay dapat maibigay sa iyo sa oras ng paghiling para sa isang IEE. Maaaring may karapatan ka sa isa lamang IEE sa pampublikong gastos sa bawat panahon na magsasagawa ang LEA ng pagtatasa kung saan hindi ka sumasang-ayon.

Kung makakakuha ka ng pagtatasa sa pribadong gastos at magbibigay ng kopya nito sa LEA ang mga resulta ng pagtatasa ay dapat isaalang-alang ng koponan ng IEP hinggil sa Probisyon ng isang FAPE sa iyong anak. Ang pribadong pinondohang pagtatasa ay maaaring iprisinta sa isang pagdinig ng due process hinggil sa iyong anak.

Kung maobserbahan ng distrito ng paaralan ang iyong anak sa kanyang silid-aralan sa panahon ng pagtatasa, o kung ang mga pamamaraan ng distrito ng paaralan ay nagbibigay para sa mga obserbasyon sa silid-aralan, dapat maibigay ang katumbas na pagkakataon para sa anumang independent educational evaluation na nasa kasalukuyan at anumang minumungkahing pagpapalagay na pang-edukasyon.

Kung magmumungkahi ka ng pagpapalagay na ginagastusan ng publiko ng iyong anak sa isang hindi pampublikong paaralan, magkakaroon ang LEA ng pagkakataon para maobserbahan ang minumungkahing pagpapalagay at ang mag-aaral na nasa minumungkahing pagpapalagay, kung pang-isahang panig lamang ipinalagay ang mag-aaral sa hindi pampublikong paaralan ng magulang o tagapag-alaga.



Ano ang Paunang Nakasulat na Abiso at kailan ko ito matatanggap?

Responsable ang LEA sa pagsabi sa iyo, nang nakasulat, sa tuwing nagmumungkahi o tumtatangi ito na magpasimula ng pagbabago sa pagkakakilanlan, pagtatasa, o pang-edukasyon na pagpapalagay ng iyong anak o ng probisyon ng isang libreng naaangkop na pampublikong edukasyon sa bata. Dapat magbigay ang LEA ng nakasulat na abiso sa mga magulang sa mungkahi o pagtangi sa loob nang makatwirang panahon. Ang abisong ito, kung hindi pa dating naibigay sa magulang, ay ibibigay din sa oras ng pagtanggap ng LEA ng kahilingan ng magulang para sa isang pagdinig ng due process. Dapat nakasulat ang abiso sa nauunawaang wika at maibigay sa sarili mong wika o ibang pamamaraan ng komunikasyon, maliban lang kung malinaw itong hindi maaaring gawin. Kung hindi ang iyong sariling wika o paraan ng komunikasyon ang nakasulat na wika, dapat tiyakin ng LEA na maisasaling-wika ang abiso nang pasalita o sa pamamagitan ng ibang paraan, na nauunawaan mo ang abiso, at mayroong nakasulat na ebidensya na natugunan ang mga pangangailangan na ito. Maaari mong piliin na matanggap ang abisong ito sa pamamagitan ng elektronikong mail na komunikasyon, kung gagawing available ang opsyon na iyon ng iyong LEA.

Isasama sa nakasulat na abiso ang:

- Paglalarawan ng minumungkahing mga aksyon o pagtangi ng LEA na may paliwanag kung bakit imunungkahi o tinanggihan ng ahensya para gawin ang aksyon at isang paglalarawan ng ibang isinasaalang-alang na aksyon at kung bakit tinanggihan ang mga opsyon na iyon.
- Paglalarawan ng bawat pamamaraan ng pagtatasa, pagsusulit, rekord, o ulat na ginagamit ng LEA bilang isang batayan para sa mungkahi o pagtangi.
- Paglalarawan ng iba pang isinasaalang-alang na opsyon ng koponan ng IEP at ang dahilan kung bakit tinanggihan ang mga opsyon na iyon.
- Paglalarawan ng anumang ibang dahilan, kung saan ay nauugnay sa mungkahi o pagtangi ng LEA.
- Abiso na maaaring makakuha ng mga kopya at tulong ang mga magulang sa pag-unawa sa kanilang mga karapatan at mga pangangalaga hinggil sa pamamaraan mula sa Special Education Director ng distrito ng tirahan ng kanilang anak, ang SELPA Director, o ng CDE sa Sacramento.

Ano ang binubuo ng Pahintulot na Pangmagulang kung kailan ito kinakailangan?

Dapat makakuha ang LEA ng may kabatirang pahintulot na pangmagulang, gaya nang inilarawan sa itaas, bago sa pagtatasa at/o pagbibigay ng special education at nauugnay na mga serbisyo sa iyong anak. Dapat gumawa ang LEA ng makakatwirang pagpupursige para makakuha ng may kabatirang pahintulot ng magulang bago ang inisyal na pagtatasa o muling pagtatasa ng isang bata. Kung tatangi kang magpahintulot sa inisyal na pagtatasa o isang muling pagtatasa, maaari ang LEA, ngunit hindi kinakailangan na, gumamit ng mga pamamaraan ng due process upang makuha ang iyong pahintulot para sa pagtatasa.



Hindi mangangahulugan ang iyong pahintulot para sa inisyal na pagsusuri o maggagawad ng pahintulot para sa pagpapalagay ng special education at/o mga serbisyo. Pagkatapos makumpleto ang inisyal na pagususuri, isasagawa ang pulong para repasuhin at talakayin ang (mga) pagsusuri. Kung irerekumenda sa pulong na ito ang pagpapalagay ng special aducation at/o mga serbisyo, hihilingin ng koponan ang iyong pahintulot para sa pagpapalagay at/o mga serbisyo sa oras na iyon.

Kung tatanggi kang magpahintulot sa isang inisyal na alok ng IEP ng pagpapalagay at/o mga serbisyo, o kung hindi mo magawang tumugon sa isang kahilingan na nag-aalok ng naturang mga serbisyo, maaaring hindi gamitin ng LEA ang mga pamamaraan ng due process na inilarawan sa ibaba para tutulan ang iyong pagtanggap sa pahintulot para sa pagpapalagay at/o mga serbisyo. Gayunman, kung mag-aalok ang LEA ng inisyal na pagpapalagay at mga serbisyo, at hindi ka nagpahintulot sa pagpapalagay at/o mga serbisyo, hindi ituturing na lumabag ang LEA sa kinakailangan na gawing available ang FAPE sa iyong anak. Hindi rin kakailanganin ng LEA na magtipon ng pulong ng koponan ng IEP o bumuo ng IEP kapag hindi naibigay ang naturang pahintulot pagkatapos ng kahilingan ng LEA.

Hihilingin rin ng distrito ng paaralan ang iyong may kabatirang pahintulot para sa lahat ng muling pagsusuri ng iyong anak at hindi magsasagawa ng muling pagsusuri maliban lang kung hindi mo magawang tumugon para sa iyong pahintulot.

Ang pahintulot na pangmagulang ay hindi kinakailangan bago repasuhin ang umiiral na datos bilang bahagi ng pagtatasa, o pangangasiwa ng pagsusulit o ibang pagtatasa na ibinibigay sa lahat ng bata (maliban lang kung kinakailangan ang pahintulot ng mga magulang ng lahat ng bata bago sa pagsusulit o pagtatasa na iyon.

Kung nag-iiskuwela sa bahay ang iyon anak o nakalagay sa pribadong paaralan sa sarili mong gastos, at hindi ka nagbigay ng pahintulot, o hindi nagawang tumugon sa isang kahilingan para magbigay ng pahintulot sa inisyal na pagtatasa o muling pagtatasa, maaaring hindi gamitin ng LEA ang mga pamamaraan ng due process para mapawalang-bisa ang iyong pahintulot. Sa kasong iyon, hindi kinakailangan ng LEA na isaalang-alang ang bata bilang karapat-dapat para sa mga serbisyo.

Maaari kang magpahintulot nang nakasulat sa pagkakatanggap ng ilang bahagi ng IEP ng iyong anak, at ang mga bahaging iyon ng IEP ay dapat maipatupad ng LEA. Kung pagpapasyahan ng LEA na ang natitirang (mga) bahagi ng IEP ng iyong anak kung saan ay hindi ka nagpahintulot ay kailangang ibigay ng FAPE sa bata, dapat magpasimula ang LEA ng pagdinig ng due process.

Sa panghuli, hindi kailangang makuha ang iyong may kabatirang pahintulot sa kaso ng isang muling pagtatatasa ng iyong anak, kung magpapamalas ang LEA sa pamamagitan ng pagdinig ng due process na ginawa nito ang makatwirang mga hakbang para makuha ang iyong pahintulot at hindi mo nagawang tumugon.



Pinapayagan ba Akong Magbago ng Isip Pagkatapos at Ipawalang-bisa ang Pahintulot?

Kung, sa anumang oras kasunod sa inisyal na probisyon ng special education at nauugnay na mga serbisyo, nakasulat na pinawawalang-bisa ang pahintulot ng magulang ng isang bata para sa patuloy na probisyon ng special education at kaugnay na mga serbisyo, ang distrito ng paaralan o charter na paaralan ay:

- Maaaring hindi ipagpatuloy ang pagbibigay ng special education at kaugnay na mga serbisyo sa bata, ngunit kailangang magbigay ng paunang nakasulat na abiso bago itigil ang probisyon ng special education at kaugnay na mga serbisyo;
- Maaaring hindi gamitin ang mga pamamaraan ng pamamagitan o ang pamamaraan ng due process upag makakuha ng kasunduan o isang kapasiyahan na maaaring ibigay ang mga serbisyo sa bata;
- Hindi ituturing na paglabag sa kinakailangan na gawing available ang FAPE sa bata dahil sa hindi nagawang pagbibigay sa bata sa ibayong special education at kaugnay na mga serbisyo; at
- Hindi kinakailangang magitpon ng pulong ng koponan ng IEP o bumuo ng IEP para sa bata para sa ibayong probisyon ng special education at kaugnay na mga serbisyo.

Kung nakasulat na ipawawalang-bisa ng magulang ang pahintulot para sa pagkakatanggap ng mga serbisyo ng special education ng kanilang anak pagkatapos na inisyal na binigyan ang bata ng special education at kaugnay na mga serbisyo, hindi kinakailangang baguhin ng distrito ng paaralan o charter na paaralan ang mga rekord ng edukasyon ng bata para tanggaling ang anumang reperensya sa pagkakatanggap ng bata sa special education at kaugnay na mga serbisyo dahil sa pagpapawalang-bisa ng pahintulot. Lumalapat ang probisyon na ito kapag tinatanggihan ng magulang ang lahat ng serbisyo ng special education. Kung hindi sasang-ayon ang magulang sa ilang serbisyo ngunit sa lahat, kailangang maresolba ang mga isyu sa pamamagitan ng mga pamamaraan ng due process.

Kung mayroon akong reklamo tungkol sa programang pang-edukasyon ng aking anak, paano ko ito ihahayag?

Kung mayroon kang alalahanin tungkol sa edukasyon ng iyong anak, mahalaga na kontakin mo ang guro o adminstador ng paaralan o administrador ng distrito ng iyong anak para pag-usapan ang tungkol sa iyong anak at anumang problemang nakikita mo. Maaaring sagutin ng mga kawani sa distrito ng iyong paaralan o SELPA ang mga katanungan tungkol sa edukasyon ng iyong anak, iyong mga karapatan, at mga pangangalaga hinggil sa pamamaraan. At saka, kapag mayroon kang alalahanin, ang hindi pormal na pag-uusap na ito ay kadalasang nalulutas ang problema at nakatutulong mapanatili ang bukas na komunikasyon. Maaari mong hilingan ang administrador ng distrito ng paaralan para magresolba ng mga hindi pagkakaunawaan sa pamamagitan o ng proseso ng alternative dispute resolution (ADR) na kilala bilang



isang Facilitated IEP (FIEP), kung saan ay hindi gaanong kakontra kaysa pagdinig ng due process. Maaari kang tulungan ng positibong istraktura ng FIEP at ng distrito sa pagresolba sa mga alalahanin o problema na nakikita mo. Boluntaryo ang proseso ng pamamagitan at hindi maaaring gamitin para maantala ang iyong karapatan sa isang pagdinig ng due process.

Ano ang Facilitated IEP?

Ang facilitated IEP ay isa na binubuo ng isang mapagkakatsabang koponan na nagbabahagi ang mga miyembro ng responsibilidad para sa proseso ng pulong at mga resulta. Pinapangasiwaan ang pagdedesisyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga kakayahan sa pagpapabilis. Pinapahintulutan ito ng koponan ng IEP na magtayo at pabutihin ang matatag na mga kaugnayan sa koponan at para makaabot sa tunay na napagkasunduan sa pagtuon sa pulong sa mga pangangailangan ng estudyante.

Ano ang reklamo sa pagtalima at ano ang aking mga karapatan kaugnay sa isang reklamo sa pagtalima?

Nagsasabi ng paglabag sa batas ang mga reklamo sa pagtalima sa ilalim ng IDEA o batas ng special education ng California. Ang reklamo ay dapat: (1) nakasulat; (2) naglalaman ng pahayag na lumabag sa batas o regulasyon ang LEA sa ilalim ng IDEA o mga katapat ng California Education Code; (3) naglalaman ng katotohanan na sinusuportahan ang bintang; (4) naglalaman ng lagda at impormasyon ng kontak ng reklamo; at (5) kung ang bintang na paglabag laban sa isang bata, ay dapat maglalaman ng: (a) pangalan at address ng bata (o available na impormasyon ng kontak para sa isang batang walang tirahan); (b) ang pangalan ng paaralan na pinapasukan ng bata; (c) ang paglalarawan ng uri ng problema at mga katotohanang nauugnay sa problema; at (d) minumungkahing resolusyon sa nalalamang hangganan.

Antas ng Distrito/LEA sa Reklamo sa Pagtalima: Hinihikayat ka ng Antelope Valley SELPA na ihain ang iyong reklamo hinggil sa mga isyu sa special education nang direkta sa iyong LEA upang mabilis na maaksyunan ng LEA ang iyong mga alalahanin sa isang hindi pormal at mabisang paraan. Nakapagtaguyod ang LEA ng mga pamamaraang kumpidensyal para sa paghahain ng mga reklamong ito at makikipagpulong sa iyo para imbestigahan ang iyong reklamo sa isang napapanahon na paraan at tatangkaing resolbahin ang anumang alalahanin. Tutulungan ka ng Opisyal ng Pagtalima sa pagresolba ng anumang reklamo ng diskriminasyon laban sa distrito, mga empleyado nito o kontratista, at mga estudyante. Magagawa ring tulungan ka ng Opisyal ng Pagtalima sa paghahanda ng iyong reklamo nang nakasulat at para magbigay ng impormasyong kinakailangan ng batas. Isasangguni ka ng Opisyal ng Pagtalima sa ibang ahensyang responsable para sa imbestigasyon at resolusyon ng mga reklamo kapag naaangkop.

Antas ng Estado sa Reklamo sa Pagtalima: Ang sinumang indibidwal o organisasyon ay maaari ring maghain ng reklamo sa pagtalima sa California Department of Education na pinagbibintangang hindi tumalima ang LEA sa mga batas o regulasyon ng estado.



Maaari mong kontakin ang sumusunod para maghain ng reklamo:

**California Department of Education
Special Education Division
Procedural Safeguards Referral Service
1430 N Street, Suite 2401
Sacramento, CA 95814
Telepono (800) 926-0648
FAX (916) 327-3704**

Magagawa ring matulungan ka ng tanggapan na ito sa CDE sa paghahanda ng iyong reklamo nang nakasulat at para magbigay ng impormasyong kinakailangan ng batas. Isasangguni ka ng Opisyal ng Pagtalima sa ibang ahensyang responsable para sa imbestigasyon at resolusyon ng mga reklamo kapag naaangkop.

Ang mga inihaing mga reklamo sa pagtalima sa CDE ay dapat maihain sa loob nang **isang** taon mula sa petsa na alam mo o nagkaroon ng dahilan na malaman ang mga katotohanan kung saan ay batayan para sa reklamo. Dapat ka rin magpasa ng kopya ng reklamo sa LEA kasabay nito sa paghahain ng reklamo sa CDE.

Sa loob ng animnapung (60) araw pagkatapos maihain ang iyong reklamo, ang CDE ay: (1) magsasagawa ng malayang imbestigasyon sa lugar, kung kinakailangan; (2) bibigyan ka ng pagkakataon magusmit ng karagdagang impormasyon, alinman sa pasalita o nakasulat, tungkol sa mga bintang na nasa reklamo; (3) bigyan ang LEA ng pagkakataon na sumagot sa reklamo, kabilang ang mungkahing maresolba ang reklamo; (4) magbigay ng pagkakataon sa iyo at LEA na boluntaryong sumang-ayon sa pamamagitan; (5) repasuhin ang lahat na nauugnay na impormasyon at gumawa ng malayang pamamagitan sa kung lumalabag man o hindi ang LEA sa kinakailangan ng IDEA at/o kaugnay na batas ng estado; at (6) magpalabas ng nakasulat na desisyon sa iyo at ng LEA na inaakusahan ang bawat bintang na nasa reklamo at naglalaman ng mga nakitang katotohanan at mga konklusyon, at ang mga dahilan para sa panghuling desisyon.

Ano ang kahilingang “pamamagitan lamang” na isinumite sa CDE?

Sa California, boluntaryo ang pamamagitan. Maaari kang humiling ng pulong na “pamamagitan lamang” sa Office of Administrative Hearings. Nangangahulugan ang “pamamagitan lamang” na humihiling ka para sa pamamagitan nang hindi humihingi ng pagdinig ng due process. Ang pamamagitan ay isang hindi pormal na pagdinig na isinasagawa sa isang paraang hindi hinggil sa kalaban. Kung hihiling ka ng pamamagitan lamang, ikaw at ang distrito ng paaralan ay makatatanggap ng abiso na naiskedyul na ang pamamagitan at maglalaman ang abiso ng oras, petsa, at lokasyon ng pamamagitan pati na rin ang pangalan, address, at numero ng telepono ng isang may kaalaman at walang kinikilingang tagapamagitan nakatalaga sa kaso.



Dapat maiiskedyul ang pamamagitan sa loob nang 15 araw ng pagkakatanggap ng kahilingan ng Office of Administrative Hearings. Hindi maaaring dumalo ang mga abogado sa pamamagitan lamang. Gayunman, ikaw o ang distrito ng paaralan ay maaaring samahan at payuhan ng mga kinatawan na hindi abogado. Kumpidensyal ang mga pahayag na ginawa mo at ng distrito ng paaralan at hindi maaaring magamit sa isang pagdinig ng due process o aksyon sa korte. Ang anumang kasunduang naabot sa panahon ng pamamagitan ay dapat nakasulat at nilagdaan ng lahat ng partido.

Ang mga kahilingan para sa "Pamamagitan Lamang" ay dapat ipadala sa:

**Office of Administrative Hearings ("OAH")
Attn: Special Education Division
2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200
Sacramento, CA 95833-4231
Telepono (916) 263-0880
FAX (916) 263-0890**

Ano ang kahilingan para sa isang pagdinig ng due process at ano ang aking mga karapatan kaugnay dito?

Isang pormal na paglilitis ang padinig ng due process na pinangungunahan ng administrative law judge, kung saan ay kapareho sa isang aksyon sa korte. Maaari mong pasimulan o ng LEA ang pagdinig kapag mayroong hindi pagkakasundo sa mungkahi o isang pagtanggì para magpasimula o baguhin ang pagkakakilanlan, pagsusuri o pagpapalagay na pang-edukasyon ng iyong anak, ang probisyon ng isang FAPE sa iyong anak, o isang hindi pagkakaunawaan sa pagkakaroon ng naaangkop na programa para sa iyong anak. Ang kahilingan para sa pagdinig ng due process ay dapat ipadala sa:

**Office of Administrative Hearings ("OAH")
Attn: Special Education Division
2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200
Sacramento, CA 95833-4231
Telepono (916) 263-0880
FAX (916) 263-0890**

Dapat maihain ang kahilingan para sa isang pagdinig ng due process sa loob nang **dalawang** taon mula sa petsa na alam mo o nagkaroon ng dahilan na malaman ang mga katotohanan kung saan ay batayan para sa kahilingan sa pagdinig. Hindi lumalapat ang takdang panahon na ito sa iyo kung dati kang pinigilan sa paghiling sa pagdinig ng due process dahil ang LEA ay: (1) maling ipinaliwanag na naresolba nito ang problema kung saan ay batayan ng iyong kahilingan; o (2) ipinagkait ang impormasyon sa iyo kaugnay sa impormasyong nilalaman sa abisong ito. Dapat kang paalamanan ng LEA ng anumang libre o mababang gastos ng ligal o ibang kaugnay na mga serbisyo na available sa lugar kung hihilingin mo ang impormasyong iyon, o kung alin man sa ikaw o



ang LEA ay maghahain ng reklamo sa due process.

Dapat kasama sa iyong reklamo sa pagdinig ng due process ang sumusunod na impormasyon: (1) pangalan ng iyong anak; (2) address ng iyong anak (o, sa kaso ng batang walang tahanan, ang available na impormasyon ng kontak); (3) ang pangalan ng pinapasukang paaralan ng iyong anak; (4) paglalarawan ng problema na nauugnay sa minumungkahing inisasyon o pagbabago, kabilang ang partrikular na mga katotohanan tungkol sa problema; at (5) minumungkahing resolusyon sa problema sa hangganang nalalaman mo. Dapat mong bigyan ang LEA ng isang kopya ng iyong kahilingan para sa due process. Ikaw (o ang LEA) ay hindi maaaring magkaroon ng pagdinig ng due process hanggang sa mapunan ang reklamo ng pagdinig ng due process na nilalaman ang lahat ng impormasyong ibinalangkas sa itaas.

Ipapalagay na hustong natugunan ang reklamo sa mga kinakailangan sa itaas maliban lang kung, sa loob nang labinlimang araw ng petsa na natanggap ng partido ang reklamo ay naabisuhan ang opisyal ng pagdinig at ang kabilang partido na pinaniniwalaan nito na ang reklamo ay hindi natutugunan ang mga kinakailangang nakalista sa itaas. Sa loob nang limang araw ng pagkakatanggap ng abiso na pinaniniwalaang hindi sapat ang reklamo ng tumanggap na partido, dapat magpsiya ang OAH kung natutugunan ng reklamo ng due process ang mga kinakailangang nakalista sa itaas at aabisuhan ka nila at ang LEA nang nakasulat kung sapat ito. Kung pagpasyahan na hindi sapat ng OAH ang reklamo ng due process, maaaring magkaroon ng pagkakataon ang partido na maghain ng bagong reklamo na natutugunan ang mga kinakailangang nakalista sa itaas.

Kung maghahain ka ng kahilingan para sa isang pagdinig ng due process, sa loob nang 10 araw ng pagkakatanggap sa reklamo, dapat kang padalhan ng LEA ng tugon na partikular na inaaksyunan ang mga isyung idinulog sa iyong reklamo. sa loob nang 15 araw ng pagkakatanggap ng iyong kahilingan para sa due process, dapat makipagtipon ng pulong ang LEA sa iyo, ang kaugnay na (mga) miyembro ng koponan ng IEP ng iyong anak na may partikular na kaalaman sa mga katotohanang kinilala sa kahilingan ng pagdinig ng due process, at isang kinatawan ng LEA na may kapangyarihan sa pagdedesisyon, para talakayin ang resolusyon sa idinulog na mga isyu. Hindi isasama sa pulong ang abogado ng LEA, maliban lang kung sasamahan ka ng isang abogado.

